

Pangkalahatang Gabay sa Paglilinis para sa Karamdaman sa Palahingahan sa Grupo na Setting

Ang impormasyong ito ay para sa mga taong naglilinis sa mga pampublikong lugar tulad ng mga hotel, mga simbahan, at mga paaralan. HINDI nito pinalitan ang mga regular na pamamaraan sa paglilinis at pagdidisimpekta ngunit nagbibigay ng **karagdagan** na impormasyon para sa paglilinis upang maiwasan ang pagkalat ng mga virus sa palahingahan tulad ng nagdudulot ng Coronavirus Disease-2019. (COVID-19)

Ang mga kawani ay dapat gumamit ng pamprotekta na damit at kagamitan tulad ng inilarawan sa kanilang mga patakaran at pamamaraan sa trabaho. **Hindi** kinakailangan ang mga espesyal na damit o kagamitan, tulad ng mga maskara / takip sa mukha o mga buong katawan na damit, na higit pa sa karaniwang kinakailangan para sa regular na paglilinis.

Linisin ang lahat ng mga madalas na nahahawakan na aytem.




Linisin ang lahat ng mga "madalas-hawakan" na mga ibabaw tulad ng mga patungan, mga lamesa, mga hawakan ng pinto, suwits ng ilaw, mga kagamitan sa banyo, mga banyo, mga basurahan, mga telepono, mga remote control, mga keyboard, mga tablet, at mga mesa sa tabi ng higaan. Gumamit ng isang rehistrado sa Environmental Protection Agency (EPA) na produkto na naglilinis (nag-aalis ng mga mikrobyo) at nagdidisimpekta (pumapatay ng mga mikrobyo). Laging sundin ang mga tagubilin na nakatatak sa mga produkto ng paglilinis at mga pandisimpekta.





Matigas na mga ibabaw:

- Linisin at disimpektahan ang matigas na mga ibabaw at mga bagay.
- Hugasan ang mga marumi na ibabaw gamit ang isang pangkalahatang panlinis ng sambahayan upang alisin ang mga dumi, mikrobyo, at grasa. Banlawan ng tubig, pagkatapos ay gumamit ng isang nakarehistro sa EPA na pandisimpekta. Sundin ang inirekumandang konsentrasyon, paggamit, at oras ng kontak ng tagagawa.
- Kung ang isang nakarehistro sa EPA na disinfectant ay hindi magagamit, gumamit ng isang preskong 2% na solusyon ng chlorine bleach (humigit-kumulang 1 kutsara ng bleach sa 1 litrong tubig). Ihanda ang bleach na solusyon araw-araw o kung kinakailangan. Maaaring gamitin ang mga test strip upang suriin kung ang solusyon ay may tamang lakas.
- Ang 70% na mga pandisimpekta na nakabatay sa alkohol ay inirerekomenda upang maiwasan ang pagkalat ng mga virus ngunit

Pangkalahatang Gabay sa Paglilinis para sa Karamdaman sa Palahingahan sa Grupo na Setting

	<p>ang alkohol ay maaaring sumingaw nang mabilis at hindi ganap na makadisimpekta. Kung gagamitin mo ang mga produktong ito, sundin ang mga oras ng kontak sa mga tagubilin.</p>
	<p>Mga karpet, mga sofa, at iba pang mga natatagos-ng-tubig (sumisipsip) na ibabaw:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Mag-vacuum upang mapigilan ang pagkalat ng alikabot at mapunta sa hangin. • Kaagad na linising mabuti ang mga nabuhos na likido ng katawan na sumusunod sa mga patakaran at mga pamamaraan. • Linisin nang husto ang mga karpet, iwasan ang pagtalsik hangga't maaari • Gumamit ng mga steam cleaner upang linisin ang mga karpet at iba pang natatagos-ng-tubig na mga ibabaw kung kinakailangan.
	<p>Mga Tela:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Labhan ang mga kobre kama, mga kumot, mga tuwalya, mga kurtina at iba pang mga tela gamit ang sabong panlaba at mainit na tubig (167 °F o higit pa). Patuyuin sa isang mataas na setting ng init ayon sa mga patakaran at mga pamamaraan.
	<p>Mga kagamitan sa pagkain at mga kasangkapan:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Linisin at disimpektahan ang mga pinggan, mga baso, at mga kubyertos sa isang dishwasher o sa pamamagitan ng kamay gamit ang sabon, mainit na tubig, at isang aprubado ng EPA na pandisimpekta. • Linisin ang mga panlampaso at mga tela gamit ang sabon at mainit na tubig at disimpektahan gamit ang isang nakarehistro sa EPA na pandisimpekta o solusyon ng bleach at hayaang matuyo. Gumamit ng isang-beses-na-paggamit, at natatapon na ulo ng lampaso at / o mga tela bilang isang alternatibo. • Basahin nang mabuti ang mga tagubilin kapag gumagamit ng pandisimpekta na mga pamunas sa mga kagamitang elektroniko. Suriin kung ang mga kagamitang elektroniko ay maaaring makatagal kung gagamitan ng maraming mga pamunas na kinakailangan upang

Pangkalahatang Gabay sa Paglilinis para sa Karamdaman sa Palahingahan sa Grupo na Setting

	<p>mapanatiling basa ang ibabaw nito sa sapat na panahon para matugunan ang kinakailangan na oras ng kontak.</p>
	<p>Pagtapon ng basura:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Magsuot ng mga guwantes kapag humahawak ng basura. • Tiyakin na ang basurahan ay itinaon sa matibay, at hindi tumatagos (hal. plastik) na mga supot na nakatali nang mahigpit, at inilagay nang direktso sa mga basurahan at itinaon nang regular. • Pangasiwaan ang mga basurang medikal (tulad ng mga karayom) ayon sa mga patakaran at mga pamamaraan. • Matapos na linisin at matapon ang basura, alisin ang mga guwantes at hugasan ang mga kamay.
	<p>Iba pang pangkalahatang gabay sa paglilinis:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Itapon kaagad ang lahat ng mga natatapon na mga gamit sa paglilinis. • Hugasan ang mga kamay nang madalas, kasama ang pagkatapos ng pag-alis ng basura sa mga basurahan at paghawak sa mga tisyu at katulad na basura. • Hugasan ang iyong mga kamay nang maigi at madalas gamit ang sabon at tubig nang hindi bababa sa 20 segundo o gumamit ng isang sanitiser ng kamay na nakabatay sa alkohol na naglalaman ng hindi bababa sa 60% na alkohol. Tingnan ang gabay ng Pampublikong Kalusugan sa tamang paraan upang paghuhugas ang iyong mga kamay. <p>http://publichealth.lacounty.gov/acd/handwash.htm</p>